SUNNAH COLLEGE

MahadSunnah.com

# MŪSA ﷺ:

# KALEEMULLAAH

## (SIYA NA MISMONG KINAUSAP NI ALLAH)

DUMAAN SA PAGSUSURI NG **SUNNAH COLLEGE** COMMITTEE,

SUMAILALIM SA PAMAMAHALA NI:

**SHEIKH DR. HAYTHAM SARHAAN**

(GURO SA MASJID NG PROPETA MUHAMMAD ﷺ)

**SARHAAN.COM**

# MŪSA ﷺ: KALEEMULLAAH

## Nilalaman

Nilalaman ........................................................................................ 1

Pangalan .......................................................................................... 3

Pangalan ng kapatid.......................................................................... 3

Pangalan ng alipin ............................................................................. 3

Pangalan ng guro .............................................................................. 3

Palayaw at mga natatanging katangian............................................ 3

Pangalan ng libro .............................................................................. 4

Kapanganakan at pagpanaw ........................................................... 5

Hanapbuhay...................................................................................... 5

Pangalan ng tagapag-alaga ............................................................. 5

Mga himala ....................................................................................... 5

Ang kinalalagyan nya ngayon ........................................................... 5

Ang kanyang kahoy na tungkod ....................................................... 5

Kanyang Relihiyon.............................................................................. 6

Ang konteksto o buod ng mga pangyayari ng kanyang kwento sa kanyang ina ...................................................................................... 6

Kanyang mga Paltandaan ................................................................. 7

Ang kanyang pisikal na paglalarawan .............................................. 9

Ang paglalarawan ng kanyang karakter .......................................... 9

1.Labis na pagpapasensya: "Nawa'y kaawaan ng Allah si Moises. Siya ay nasaktan nang higit pa rito, gayunpaman siya ay nanatiling matiisin." Napagkasunduan............................................. 9

10. Ang tibay ng pakikipagtalastasan at pangangatwiran sa pagtawag sa isang layunin, pati na rin ang unti-unting pag-unlad sa dawah. ........................................................................... 10

11. Pagbalik at Pagsisisi sa Allah: (Siya ay nagsabi, "Aking Panginoon, tunay na ako ay nagkasala sa aking sarili, kaya't patawarin mo ako".) (Quran, 28:16) ............................................... 11

20. Labis na pagkamahinhin: "Katotohanan, si Moises ay isang taong labis na mahinhin at mahiyain; walang nasilayan sa kanyang balat dahil sa pagkamahinhin." Napagkasunduan....... 11

Mga pagiging eksklusibo ng kanyang bansa ................................ 12

1. Si Moises ay ipinadala sa dalawang bansa: ang mga tao ni Faraon sa Ehipto, at ang mga Anak ni Israel pagkatapos ng pagkawasak ni Faraon. ................................................................. 12

2. Siya ang pinakahuli sa mga propeta kung saan winasak ni Allah ang kanilang mga bansa. Ang Allah ay nagsabi (pagpapaliwanag ng kahulugan): ( At Aming ibinigay kay Moises ang Kasulatan, pagkatapos Namin wasakin ang mga naunang henerasyon) (Quran, 28:43) ......................................................... 12

3. Siya ang may pinakamaraming sumusunod sa mga propeta pagkatapos ng ating Propeta Muhammad ﷺ. ............................... 12

Pinanatag ng ................................................................................ 12

Napatunayang walang pagkakasala sa........................................ 12

Ang kanyang mga kuwento sa Quran.......................................... 12

Ang kanyang pag-aasawa ........................................................... 13

Ang kanyang kwento sa Quran ayon sa pagkakasunod-sunod.. 13

Kakaibang kwento ....................................................................... 14

# MŪSA ﷺ: KALEEMULLAAH

### Pangalan

Musa – at ang kahulugan nito: ang hinugot mula sa tubig.

Pangalan ng ama: Imraan –at sya ay nagmula sa angkan ni Ya'qub (Jacob), ang anak ni (Ishaaq) Isaac, ang anak ni Ibrahim (Abraham)

### Pangalan ng kapatid

Harun (Aaron)- siya ay ipinadala pagkatapos ni Musa (Moises) upang patatagin siya at maging kanyang tagasuporta, at ito ay sa pamamagitan ng pagsasamo ni Musa kay Allah. Dinala na ni Yusuf (Joseph) ang mga Anak ng Israel - na mga nagmula sa angkan ni Jacob - sa Ehipto. Noong namatay si Jose (Joseph), pinahirapan sila ng husto ng pamilya ni Paraon. Pagkatapos ay ipinadala ng Allah si Moises at Aaron sa mga Anak ng Israel, at kay Paraon at sa kanyang mga tao. Pagakatapos nila, ipinadala ng Allah, gaya ng nabanggit sa Quran, sina Dawud (David) at Sulayman (Solomon).

### Pangalan ng alipin

Si Yusha' (Jushua), na anak ni Nun – siya ay naging propeta pagkatapos ng pagkamatay nina Moses at Aaron.

### Pangalan ng guro

Al-Khidr – mayroong pagkakaiba ng opinyon kung siya ay propeta o isang taong matuwid.

### Palayaw at mga natatanging katangian

"Kaleemullaah", na siyang pinili ng Allah na may napakalaking pabor na hindi ipinagkaloob kanino man. Pinarangalan ng Allah si Moses ng Kanyang direktang pananalita sa Lupa para sa isang

malalim na karunungan na tanging si Allah lamang ang nakakaalam. Kaya naman si Moses ay tinawag na "Kaleemullah," na ang ibig sabihin ay: ang taong direktang kinausap ng Allah. Ipinagkaloob ng Allah ang natatanging pribilehiyong ito sa kanya, tuwirang nakipag-ugnayan sa kanya mula sa itaas ng pitong kalangitan, taliwas sa ibang mga Propeta at Mensahero na tumanggap ng kapahayagan sa pamamagitan ng mga taong tagapamagitan o mga anghel. Si Moses ay kabilang sa "Ulul 'Azm" (yaong [Mga Mensahero] na may matatag na determinasyon) at isa sa mga pinili. At siya, sa paningin ng Allah, ay marangal na nakikilala, gaya ng Kanyang sinabi (pagpapaliwanag ng kahulugan): (…At siya [Moises], sa paningin ng Allah, ay kilala). (Quran, 33:69) Katotohanan, siya ay may mataas na ranggo at mahalagang posisyon sa kanyang Panginoon. Sinabi ni Al-Hasan al-Basri, "Ang kanyang pagsusumamo ay tinugunan ng Allah." At siya ay piling nilikha ng Allah at pinili para sa Kanyang sarili, gaya ng Kanyang sinabi (interpretasyon ng kahulugan): (…Pagkatapos ay pumunta ka rito ayon sa takdang panahon na Aking itinalaga (para sa iyo),
O Musa (Moises)! At pinili Kita, para sa Aking Sarili. ﴿ (Quran, 2:40-41)

### Pangalan ng kaaway

Si Faraon (na kinilala bilang Rameses II ng mga mananalaysay), ang kanyang punong ministro na si Hamaan, gaya ng sinabi ni Allah (pagpapaliwanag ng kahulugan): (…Pharaoh at Hamaan at kanilang mga kawal...) (Quran, 28:8)

### Pangalan ng libro

Ang Torah at ang Banal na Kasulatan - mayroong pagkakaiba ng opinyon kung sila ay dalawang magkahiwalay na aklat o dalawang pangalan para sa parehong aklat.

### Kapanganakan at pagpanaw

Ipinanganak sa Ehipto, at pumanaw sa Bundok At-Toor.

### Hanapbuhay

Siya ay isang pastol.

### Pangalan ng tagapag-alaga

Aasiya – siya ang asawa ni Faraon.

### Mga himala

Siya ang Propetang may pinakamaraming himala, palatandaan, at patunay kasunod ng ating Propeta Muhammad ﷺ.

### Ang kinalalagyan nya ngayon

Siya ay nasa ikaanim na langit, gaya ng nabanggit sa hadith ni Anas, na napagkasunduan.

### Ang kanyang kahoy na tungkod

Nakaugalian na niyang magdala ng tungkod, at ipinaliwanag niya ito sa pagsasabing, gaya ng sinabi ni Allah (pagpapaliwanag ng kahulugan): (Siya [Moises] ay nagsabi, "Ito ang aking tungkod; ako ay sumasandal dito, at sa pamamagitan nito ibinababa ko ang mga dahon para sa aking mga tupa at may iba pa akong gamit dito.") (Quran, 28:8)

# MŪSA ﷺ: KALEEMULLAAH

## Kanyang Relihiyon

Hindi dinala ni Moises ang Judaismo; sa halip, siya ay dumating kasama ang Islam sa pangkalahatang kahulugan nito, na ang ibig sabihin ay "pagsuko sa Allah lamang." Ito ang relihiyon ng lahat ng mga propeta mula kay Nūh (Noah) hanggang kay Muhammad ﷺ. Si Allah ay nagsabi tungkol kay Abraham bilang nakasaad (pagpapaliwanag ng kahulugan): (Si Abraham ay hindi isang Hudyo o isang Kristiyano, ngunit siya ay isang sumasang-ayon sa katotohanan, siya ay isang Muslim [na nagpapasakop sa Allah]. At siya ay hindi kabilang sa mga polytheists [na nagtatambal ng iba kay Allah].) (Quran, 3:67), at Siya ay nagsabi tungkol kay Moses (pagpapaliwanag ng kahulugan): ( At si Moises ay nagsabi, "O aking mga nasasakupan, kung kayo ay naniwala sa Allāh, nararapat na manalig sa Kanya, kung kayo ay magiging mga Muslim [i.e., nagpapasakop sa Kanya].") (Quran, 10:84), kaya, samakatuwid, ang Hudaismo ay isang huwad at baluktot na relihiyon na lumilihis sa tunay na pananampalataya na dinala ni Moses. Ang dahilan kung bakit ang mga Hudyo ay tinawag na "Yehūd" ay dahil ang kanyang mga tagasunod ay nagsabi gaya ng nakasaad (pagpapaliwanag ng kahulugan): (Katiyakan na mayroon kaming huduna sa iyo.) (Quran, 7:156), "huduna" ay nangangahulugang: nagsisi, tumalikod. O maaaring may kaugnayan ito kay Yehūda (Judah), isa sa mga anak ni Jacob.

## Ang konteksto o buod ng mga pangyayari ng kanyang kwento sa kanyang ina

Ang kumpletong konteksto ng kuwento ay hindi nabanggit maliban sa Surah Al-Qasas (Kabanata 28), tulad ng sinabi ng Allah

(pagpapaliwanag ng kahulugan): ( At Aming binigyang-inspirasyon ang ina ni Moises, "Pasusuhin mo siya; ngunit kapag ikaw ay natakot para sa kanya, ipaanod mo siya sa ilog at huwag kang matakot at huwag magdalamhati. At kinuha siya ng pamilya ni Faraon [mula sa ilog] upang siya ay maging isang ganap na kaaway at isang [dahilan ng] kanilang pagdadalamhati. Sa katunayan, sina Faraon at Hamaan at ang kanilang mga kawal ay sadyang makasalanan. At ang asawa o kabiyak ni Faraon ay nagsabi, "[Siya ay magiging] kaaliwan ng mata [i.e., kasiyahan] para sa akin at para sa iyo. Huwag mo siyang paslangin; maaaring siya ay may pakinabang sa atin, o maaari natin siyang ampunin bilang anak." At hindi nila napagtanto. At ang puso ng ina ni Moises ay may puwang [sa lahat ng iba pa]. Hangad na niyang isiwalat [ang bagay tungkol] sa kanya kung hindi Namin pinagtibay ang kanyang puso na siya ay magiging kabilang sa mga mananampalataya. At sinabi niya sa kapatid na babae (ni Moises), sundan mo sya; kaya, pinagmamasdan niya ito sa kalayuan habang wala silang kamalaymalay. At hindi Namin siya (Moises) hinayaang padedehin noon ng iba, kaya't siya (kapatid ni Moises) ay nagsabi, "Kung marapatin ninyong sa isang kasambahay ay ipaubaya at mananagot sa pag-aaruga sa kanya para sa inyo habang kayo ay tapat sa pagpapalaki sa kanya?" Kaya, ibinalik Namin siya sa kanyang ina upang siya ay mahimasmasan at hindi magdalamhati at upang mabatid niya na ang pangako ng Allah ay totoo. Ngunit karamihan sa kanila [i.e.,ang mga tao] ay hindi nakakaalam. ) (Quran, 28:7-13).

## Kanyang mga Paltandaan

# MŪSA ﷺ: KALEEMULLAAH

Ang Allah ay nagwika (pagpapaliwanag ng kahulugan): (At Kami ay tunay na nagbigay kay Moises ng siyam na maliwanag na tanda ﴾ (Quran 17:101)

**1 Ang tungkod:** (Kaya siya [i.e., si Moises] ay ihinagis ang kanyang tungkod, at bigla ito'y naging ahas, ang lumantad. ﴾ (Quran 7:107)

**2 Ang kamay:** (At iniunat niya ang kanyang kamay; pagkaraan ay ito'y pumuti [na may ningning] sa mata ng mga nagmamasid ﴾ (Quran, 7:108)

**3 Ang dila:** (At kalasin ang buhol sa aking dila. Upang kanilang maunawaan ang aking pananalita.) (Quran, 20:27-28) Katotohanan, itinakda ng Allah ang buhol na ito sa kanya upang ito at maging tanda para sa kanya.

**4 Ang paghahati ng dagat:** : (Pagkatapos ay nagbaba kami ng rebelasyon kay Moises, "Hampasin mo ng iyong tungkod ang dagat," at ito ay nahati, at ang bawat bahagi ay parang isang malaking matayog na bundok.) (Quran, 26:63)

**5.-9. Ang baha, mga tipaklong, mga kuto, mga palaka, at dugo:** (Kaya Aming ipinadala sa kanila ang baha at mga tipaklong at mga kuto at mga palaka at dugo bilang mga natatanging tanda, ngunit sila ay mga mapagmataas at mga mamamatay tao.) (Quran, 7:133)

# MŪSA ﷺ: KALEEMULLAAH

## Ang kanyang pisikal na paglalarawan

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi, "Sa gabi ng aking Pag-akyat sa Langit, nakita ko si Moses. Siya ay may napaka-itim na balat, matangkad, kulot ang buhok na tila isang taga Shanu'ah [tribo]." Napagkasunduan. At ito ang mga katangian ng lakas at kapangyarihan, gaya ng binanggit ng anak na babae ng matandang lalaki [nang kalaunan ay naging kabiyak ni Moises], tulad ng sinabi ng Allah (pagpapaliwanag ng kahulugan): (Katotohanan, ang pinakamainam na iyong kukunin o tatanggapin na tagapangasiwa ay ang malakas at ang mapagkakatiwalaan.") (Quran, 28:26). At walang propeta sa Quran ang inilarawan na umabot sa sukdulan maliban kay Moses, gaya ng sinabi ni Allah (pagpapaliwanag ng kahulugan): (At nang kanyang makamit ang kanyang buong lakas at [sa pag-iisip ] nasa hustong gulang, Aming ipinagkaloob sa kanya ang paghatol at kaalaman.") (Quran, 28:14).

## Ang paglalarawan ng kanyang karakter

**1.Labis na pagpapasensya:** "Nawa'y kaawaan ng Allah si Moises. Siya ay nasaktan nang higit pa rito, gayunpaman siya ay nanatiling matiisin." Napagkasunduan

**2. Kalawakan ng kaalaman :**

"Katotohanan, habang si Moises ay nagtatalumpati sa kanyang mga taosa isang katiyakang araw, siya ay nagsabi sa kanila: 'Walang sinuman sa mundo ang higit na maalam kaysa sa akin."' (Isinalaysay ni Ahmad)

**3. Pagtitiwala sa Allah:**

﴾ “Marahil ay patnubayan ako ng aking Panginoon sa tamang landas.”. ﴿ (Quran, 28:22)

**4. Lakas sa pag-isip, pangangatawan at katapatan:**

( Katotohanan, ang pinakamainam na iyong kukunin o tatanggapin na tagapangasiwa ay ang malakas at ang mapagkakatiwalaan.") (Quran, 28:26)

**5. Pagpapaluwag ng dibdib (isang metaporikal na pananalita o muling binago para sa kaluwagan at kaginhawahan):** ( [Si Musa (Moises)] ay nagsabi: "O aking Panginoon! Buksan mo sa akin ang aking dibdib (i.e., bigyan mo ako ng tiwala sa sarili, kasiyahan, at katapangan). ) (Quran, 20:25)

**6. Katapangan, pagkalalaki, at pagkukusa sa paglilingkod sa iba:** (Kaya pinainom niya [ang kanilang mga pangkat] para sa kanila.) (Quran, 28:24)

**7.Katuparan ng tipan:** (At nang makumpleto ni Moises ang termino...) (Quran, 28:29)

**8. Pagsuporta sa inaapi [na may tagumpay]:** Katulad sa kanyang kwento sa pagtulong sa inaapi laban sa mapang-api kung saan siya ay tinamaan ni Moises at (hindi sinasadyang) napatay niya, sa Quran, 28:15.

**9. Kababaang-loob, na pinapahalagahan ang mabuting kalooban ng iba, at ang pagsigasig na magsaliksik ng kaalaman:** (Sinabi sa kanya ni Moises, "Maaari ba akong sumunod sa iyo sa [kondisyon] na ituro mo sa akin ang itinuro sa iyo ng tamang paghatol?" ) (Quran, 18:66)

**10. Ang tibay ng pakikipagtalastasan at pangangatwiran sa pagtawag sa isang layunin, pati na rin ang unti-unting pag-unlad sa dawah.**

**11. Pagbalik at Pagsisisi sa Allah:** (Siya ay nagsabi, "Aking Panginoon, tunay na ako ay nagkasala sa aking sarili, kaya't patawarin mo ako".) (Quran, 28:16)

**12. Kanlungan kay Allah, ang kanyang pagtitiwala sa Kanya, at sa tagumpay:** (siya ay nagsabi, "Hindi! Katotohanan, kasama ko ang aking Panginoon; Siya ang gagabay sa akin.") (Quran, 26:62)

**13. Habag at awa:** (Kaya ipadala sa amin ang mga Anak ni Israel at huwag mo silang pahirapan.) (Quran, 20:47)

**14. Ang puot tuwing may paglalabag sa mga ipinagbabawal ng Allah:** (Kaya si Moises ay bumalik sa kanyang mga tao, na galit at nagdadalamhati.) (Quran, 20:86)

**15. Mabilisang pagdedesisyon:** (Kaya iniwan niya ito, natatakot at inaabangan ang [pangamba].) (Quran, 28:21)

**16. Lakas sa paglalahad ng katotohanan:** (sa katunayan, napagtanto ko, O Faraon, na ikaw ay nalipol. )(Quran, 17:102)

**17. Kamalayan sa kabigatan ng pananagutan :** (At magtalaga para sa akin ng isang ministro [i.e., kaagapay] mula sa aking pamilya - si Aaron, ang aking kapatid. Dagdagan mo sa pamamagitan niya ang aking lalakasan.) (Quran, 20:29-31)

**18. Pagkamatuwid sa mundong ito ang kanyang pagpapasya sa kabilang buhay:** (Panginoon ko, tunay na ako, para sa anumang kabutihan na Iyong ipagkaloob sa akin, na nangangailangan.) (Quran, 28:24)

**19. Pagtanggap ng payo:** (Kaya lisanin [ang lungsod]; sa katunayan, ako ay sa iyo ng mga tapat na tagapayo.) (Quran, 28:20)

**20. Labis na pagkamahinhin:** "Katotohanan, si Moises ay isang taong labis na mahinhin at mahiyain; walang nasilayan sa kanyang balat dahil sa pagkamahinhin." Napagkasunduan.

# MŪSA ﷺ: KALEEMULLAAH

**Mga pagiging eksklusibo ng kanyang bansa**

**1. Si Moises ay ipinadala sa dalawang bansa:** ang mga tao ni Faraon sa Ehipto, at ang mga Anak ni Israel pagkatapos ng pagkawasak ni Faraon.

**2. Siya ang pinakahuli sa mga propeta kung saan winasak ni Allah ang kanilang mga bansa.** Ang Allah ay nagsabi (pagpapaliwanag ng kahulugan): ( At Aming ibinigay kay Moises ang Kasulatan, pagkatapos Namin wasakin ang mga naunang henerasyon) (Quran, 28:43)

**3. Siya ang may pinakamaraming sumusunod sa mga propeta pagkatapos ng ating Propeta Muhammad ﷺ.**

Ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi, "Isang napakaraming tao ang inilantad sa aking harapan sa Paraiso. Tinanong ko, 'Sino ang mga taong ito, O Jibreel (Gabriel)?' Sumagot siya, 'Sila ang mga tagasunod ni Moises.'" Napagkasunduan.

**Pinanatag ng**

Ang sabi ni Allah (pagpapaliwanag ng kahulugan): ( At pinasinungalingan si Moses.) (Quran, 22:44)

**Napatunayang walang pagkakasala sa**

Ang sabi ni Allah (pagpapaliwanag ng kahulugan): Ang sabi ni Allah (pagpapaliwanag ng kahulugan): ( O kayong mga naniwala, huwag kayong gumaya sa mga umabuso kay Moises; pagkatapos ay nilinaw siya ni Allah sa kanilang mga sinabi.) (Quran, 33:69)

**Ang kanyang mga kuwento sa Quran**

Siya ang may pinakamaraming pagbanggit sa mga propeta sa Quran, na binanggit ng 136 beses sa 34 na magkakaibang kabanata. Ang ilan sa mga kabanata kung saan siya ay madalas na binabanggit ay kinabibilangan ng Surat Al-A'raaf (21 beses), Surat Al-Qasas (18 beses), at Surat Ta-Ha (17 beses). Ang kadahilanan ng madalas na pagbanggit ng kanyang kuwento ay

ang katatagan ng linaw na argumento dito, ang kasaganaan ng mga palatandaan na nauugnay sa kanya, at ang labis na pagmamataas, katigasan ng ulo, at paniniil na ipinamalas ni Faraon. Si Ibn S'di, nawa'y kaawaan siya ng Allah, ay nagsabi sa kanyang komentaryo (p. 453): "Kadalasan, ang Allah ay gumagawa ng mga pagkakatulad sa pagitan ng pagkapropeta ni Muhammad ﷺ at ng pagkapropeta ni Moses ﷺ, at sa pagitan ng kanilang mga Aklat at kanilang mga Batas, sapagkat ang kanilang mga Aklat ay ang pinakamainam sa mga Aklat, ang kanilang mga Batas ay ang pinakakumpleto sa mga Batas, at ang kanilang mga pagkapropeta ay ang pinakamataas na [ranggo], at ang kanilang mga tagasunod ay ang pinakamaraming naniniwala."

### Ang kanyang pag-aasawa

Si Moses ﷺ ay gumugol ng sampung taon ng kanyang marangal na buhay sa paglilingkod sa anak ni Shu'ayb. Ang Allah ay nagsabi (ang pagpapaliwanag ng kahulugan): ( Siya ay nagsabi, "Katotohanan, nais kong ikasal sa iyo ang isa sa mga ito, ang aking dalawang anak na babae, sa [kondisyon] na ikaw ay maglilingkod sa akin sa loob ng walong taon; ngunit kung ikaw ay magpatuloy hanggang sampo, ito ay magiging [bilang isang pabor] mula sa iyo.) (Quran, 22:44) Ibn ul-Jawzi, nawa'y kaawaan siya ng Allah, na binanggit sa "Sayd u-Khaatir" (p. 40): "Kung ang pag-aasawa ay hindi isa sa mga pinakamahusay na mga bagay, maraming mga panahon sa buhay ng mga propeta ang hindi ginugol dito."

### Ang kanyang kwento sa Quran ayon sa pagkakasunod-sunod

1. Ipinaanod siya ng kanyang ina sa tubig noong siya ay sanggol, ang pagsagip sa kanya, at ang kanyang pagpasok sa palasyo ni Faraon.

2. Ang kanyang pag-abot hustong gulang, pagpatay sa isang tauhan ni Faraon, at ang kanyang kasunod na pagtakas mula sa Ehipto.

3. Ang kanyang pinagpalang pakikipagtagpo sa Midian.

4. Katuparan ng kanyang takdang panahon at ang kanyang pagbabalik sa Ehipto.

5. Pagtawid sa sagradong lambak.

6. Ang kanyang paghaharap kay Faraon.

7. Ang kanyang pakikipag-ugnayan sa mga mangkukulam o mangbabarang, at ang kanyang paglisan kasama ang mga Anak ni Israel (o mga tagasunod ni Moises) mula Ehipto.

8. Ang kanyang pakikipagpulong sa matuwid na mananampalataya: Al-Khidr

9. Ang kanyang kuwento sa mga Saamiri, at ang pagsamba ng kanyang mga tao sa guya o sa isang batang baka.

10. Ang kanyang kuwento kay Qarun (Korah).

11. Ang kuwento ng baka (Al-Baqarah).

## Kakaibang kwento

Ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi, "Hindi mo ba kayang maging katulad ng matandang babae mula sa mga Anak ni Israel?" Nagtanong sila, "O Sugo ng Allah ﷺ, ano ang kanyang kwento?" Sumagot siya, "Nang si Moises at ang mga Anak ni Israel ay papalayo mula sa Ehipto, naligaw sila ng landas. Tinanong ni Moises, 'Ano ito?' Ang kanilang mga iskolar ay sumagot, 'Katotohanan, noong si Joseph ﷺ ay naghihingalo, siya ay nangako sa amin sa ngalan ng Allah na hindi naming lilisanin ang Ehipto hangga't hindi namin dala ang kanyang mga buto.' Tinanong ni Moises, 'Sino ang nakakaalam ng kinaroroonan ng kanyang libingan?' Isang babae mula sa mga Anak ni Israel, isang matandang babae, ay ipinatawag. Siya ay dumating at nagsabi,

'Gabayan mo ako sa libingan ni Joseph ﷺ.' Tinanong siya ni Moises, 'Ano ang iyong kabayaran?' Sinabi niya, 'Hihilingin kong makasama ka sa Paraiso.' Hindi niya nagustuhang ibigay iyon sa kanya at humingi ng patnubay kay Allah. Binigyang- inspirasyon siya ng Allah na sumang-ayon sa kanyang kahilingan. Pagkatapos ay dinala niya sila sa isang lawa (isang lugar na hindi dumadaloy ang tubig). Sinabi niya, 'Maghukay ka rito,' at sila ay naghukay at natagpuan ang mga buto ni Joseph ﷺ. Nang ito'y kanilang iahon, ang isang landas ay [nagliwanag] na animo'y tanghaling tapat." (Isinalaysay ni Ibn Hibbaan at Al-Haakim, at pinatotohanan ni Al-Albaani)